



PONO-MORPOLOHIKAL NA ANALISIS NG MGA LESIKONG BIKOL LEGAZPI

EMILY BUENDIA DANA

Master Teacher I

Cabagñan Elementary School

emily.danao1979@gmail.com

Ang pag-aaral na ito ay pinamagatang Pono-Morpholohikal na Analisis ng mga leksikong ng Mother Tongue Bikol-Legazpi. Pangunahing layunin sa pag-aaral na ito ang masuri ang aspektong pono-morpholohikal ng mga leksikong Bikol-Legazpi na ginagamit sa pagtuturo ng Mother Tongue sa unang baitang upang makagawa ng isang elektronikong awdiyo-biswal sa pagtuturo na makatutulong sa pagpapaunlad at pagpapayaman ng wikang Bikol. Gayundin, ang makatulong sa mga gurong nagtuturo ng asignaturang Mother Tongue Based-Multilingual Education (MTB- MLE) upang mapabilis ang paraan ng pagtuturo-pagkatuto ng mga mag-aaral sa unang baitang.

Sinagot sa pag-aaral ang mga katanungan tungkol sa mga leksikong Bikol- Legazpi ang karaniwang ginagamit sa pagtuturo ng Mother Tongue sa unang baitang; pono-morpholohikal na analisis ng mga leksikong Bikol-Legazpi batay sa tunog, diin , pantig, salita; ang nabuong mungkahing kagamitang pampagtuturo gamit ang teknolohiya tungo sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pakikinig, pagsasalita, pagbasa at panonood at ang kaangkupan ng mungkahing kagamitan batay sa pagsusuri gamit ang ebalwasyon ng Learning Resources Management and Development System (LRMDS) ayon sa salik ng kalidad ng nilalaman , kalidad ng kagamitan at teknikal na kalidad. Saklaw nito ang varayti ng Bikol-Legazpi na karaniwang ginagamit sa pagtuturo, sa Mother Tongue sa unang baitang, limang (5) guro, limang (5) matatanda na nasa edad na 45 pataas, tubong Legazpeño, dalawang (2) guro sa unang baitang at isang (1) koordineytor sa Filipino na jurors sa pagsusuri ng Learning Resources Management and Development System (LRMDS). Ginamit ang mga instrumento para sa pagsuri ng kagamitang pampagtuturo upang mataya ang kaangkupan ng elektronikong awdiyo-biswal na magpapaunlad sa kasanayan ng pagkatuto. Naging batayan

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VI, Issue I

August 2024

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



sa paghahanda ng talatanungan ang iba't ibang panayam at babasahin na may kaugnayan sa pagtuturo at MTB-MLE. Ginamit sa pag-aaral na ito ang palarawang pamamaraan sa pagsusuri ng mga datos, bahagdan at pagraranggo.

Batay sa isinagawang pag-aaral, natuklasan ang sumusunod: ang mga leksikon asu, ati, aldaw at iba pa na nasa letrang A ang nangunguna sa ranggo na may kabuoang 12 leksikon. Sinusundan ito ng mga leksikon isog, iba, ido ikog atbp sa letrang I na may sampung (10). Sa ikatlong set naman nabibilang ang mga leksikong natad, natok, namok, kahon, kamot, kapote, ubas, ugat, uma at iba pa na nasa letrang N, K at U sa ikaapat na ranggo na may siyam (9) na leksikon bawat letra. May kabuoang 143 na leksikon ang nalikom sa diyalektong Bikol- Legazpi na na karaniwang ginagamit sa pagtuturo ng Mother-Tongue.

Nabatid naman sa pono-morpholohikal na analisis ng mga leksikong Bikol-Legazpi batay sa tunog na may kabuoang 737 ang mga tunog na binubuo ng tunog- patinig at tunog-katinig sa diyalektong Bikol-Legazpi na ginagamit sa pagtuturo ng unang baitang. Nakararami, 139 na tunog sa /a/ na nasa unang ranggo na nahahati sa unang tunog na may 12; gitnang tunog, 65 at 63 naman sa huling tunog ang karamihan sa mga nailalapat tunog sa mga leksikon sa diyalektong Bikol-Legazpi. Pumapangalawa ang mga tunog-patinig /o/, 75 na may lima (5), 19 at 51 na mga tunog sa una, gitna at huling tunog ayon sa pagkakasunod-sunod.

Samantala, sa diin ng mga leksikon sa Bikol-Legazpi na may kabuoang 143, nakararami, 62 ang mga leksikon na napapaloob sa diing pahilis (´) o mabilis na nasa unang ranggo tulad ng ikós /balkón/, /baníg/, /batág/, / guláy/, / láso/, / lapá/, /rélo/, /sabón/, / resíbo/, /rósa/ /páha/, /rosáryo/, /sangá/, /repólyo/, /káhon/, /kábayo/, /pakpák/, /kamót/ /pároyo/ at iba pa. Samantalang may 54 leksikon naman sa mga diing paiwa (˘) o malumi sa ikalawang ranggo na makikita ang iba't ibang gamit nito ayon sa una) may tuldik sa salitang malumay at minamarkahan sa itaas ng patinig bago ang huling pantig. Kabilang dito ang sumusunod: gá.na, nátad, la.yá.

Nangunguna sa ranggo ang dalawang (2) pantig sa mga leksikon na may kabuoang 119. Sinusundan ito ng tatlong (3) pantig, 20 leksikon sa Bikol-Legazpi samantalang nasa huling ranggo naman ang apatang (4) pantig na makikita ang apat (4) na leksikon. Kadalasan

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VI, Issue I

August 2024

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



makikita ang mga pormasyon ng pantig na patinig (P), katinig-patinig (KP), katinig-patinig-katinig (KPK) at ang pinagsamang pormasyong katinig-patinigkatinig-patinig-katinig (KP•KPK) sa isang salita. Sa kabilang dako, nabibilang lamang sa payak na leksikon na may kabuoang 140 na binubuo ng mga pangngalan, pang-uri at pandiwa a tatlong (3) leksikon lamang sa kayariang maylapi na nasa ikalawang ranggo ang bumubuo sa kayarian ng diyalektong Bikol-Legazpi na ginagamit sa pagtuturo ng MT. Pagbuo ng Elektronikong Kagamitan na pinamagatang DANTA PANTA na tumutukoy sa Dangog, Tanog, Pantig asin Tataramon ang mungkahing kagamitang pampagtuturo tungo sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pakikinig, pagbigkas, pagbasa at panonood sa pagtuturo sa unang baitang. Sa kabuoan, angkop na angkop ang mungkahing kagamitan batay sa pagsusuri Samantala, sa diin ng mga leksikon sa Bikol-Legazpi na may kabuoang 143, nakararami, 62 ang mga leksikon na napapaloob sa diing pahilis (´) o mabilis na nasa unang ranggo tulad ng ikós /balkón/, /baníg/, /batág/, /guláy/, /láso/, /lapá/, /rélo/, /sabón/, /resíbo/, /rósa/ /páha/, /rosáryo/, /sangá/, /repólyo/, /káhon/, /kábayo/, /pakpák/, /kamót/ /pároy/ at iba pa. Samantalang may 54 leksikon naman sa mga diing paiwa (`) o malumi sa ikalawang ranggo na makikita ang iba't ibang gamit nito ayon sa una) may tuldik sa salitang malumay at minamarkahan sa itaas ng pantig bago ang huling pantig. Kabilang dito ang sumusunod: gá.na, nátad, la.yá.

Nangunguna sa ranggo ang dalawang (2) pantig sa mga leksikon na may kabuoang 119. Sinusundan ito ng tatlong (3) pantig, 20 leksikon sa Bikol-Legazpi samantalang nasa huling ranggo naman ang apatang (4) pantig na makikita ang apat (4) na leksikon. Kadalasan makikita ang mga pormasyon ng pantig na patinig (P), katinig-patinig (KP), katinig-patinig-katinig (KPK) at ang pinagsamang pormasyong katinig-patinigkatinig-patinig-katinig (KP•KPK) sa isang salita. Sa kabilang dako, nabibilang lamang sa payak na leksikon na may kabuoang 140 na binubuo ng mga pangngalan, pang-uri at pandiwa a tatlong (3) leksikon lamang sa kayariang maylapi na nasa ikalawang ranggo ang bumubuo sa kayarian ng diyalektong Bikol-Legazpi na ginagamit sa pagtuturo ng MT.

Pagbuo ng Elektronikong Kagamitan na pinamagatang DANTA PANTA na tumutukoy sa Dangog, Tanog, Pantig asin Tataramon ang mungkahing kagamitang pampagtuturo tungo

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VI, Issue I

August 2024

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pakikinig, pagbigkas, pagbasa at panonood sa pagtuturo sa unang baitang. Sa kabuoan, angkop na angkop ang mungkahing kagamitan batay sa pagsusuri.

Gamit ang Ebalwasyon ng Learning Resources Management and Development System (LRMDS) ayon nilalaman na may weighted mean na 3.89. Nabatid sa kalidad ng nilalaman na walo (8) sa sampung krayterya ay nagtamo ng weighted mean na 4.00 na angkop na angkop. Siyam (9) sa sampung (10) krayterya sa faktor na kalidad ng kagamitan ay angkop na angkop na may weighted mean na 4.00. Ngunit sa teknikal na kalidad, may kabuoang weighted mean na 3.54 na na angkop na angkop ang kagamitang nabuo.

Batay sa isinagawang pag-aaral, nabuo ang mga sumusunod na kongklusyon: Tumutukoy sa ngalan ng mga tao, hayop, bagay at prutas na nagsisimula sa mga letrang A, I, N, K at U ang mga leksikon sa Bikol-Legazpi na karaniwang ginagamit sa pagtuturo ng Mother Tongue sa unang baitang. May natatanging varayti ang leksikong Bikol-Legazpi lalo na sa aspektong pono- morpolohikal nito batay sa tunog gamitin ang tunog-patinig na /a/, /i/ at /u/; sa tunog-katinig naman ay /n/ at /k/; karaniwan ang diing mabilis (pahilis) at malumi (paiwa); kadalasang may dalawa (2) at tatlong (3) pantig sa leksikon; payak at maylaping mga salita naman ang kayarian ng mga leksikon sa diyalektong Bikol- Legazpi. Elektronikong awdyo-biswal sa pagtuturo ng leksikong Bikol-legazpi na pinamagatang "Dangog Tanog Pantig Tataramon Kan Bikol-Legazpi ang nabuong mungkahing kagamitang pampagtuturo tungo sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pakikinig, pagbigkas, pagbasa at panonood sa pagtuturo ng mother tongue sa unang baitang. Angkop na angkop ang nilikhang elektronikong awdyo-biswal sa pagtuturo ng diyalektong Bikol-Legazpi na magpapaunlad sa kasanayan ng pagkatuto na may pamagat na "Dangog, Tanog, Pantig, Tataramon kan Bikol- Legazpi (DANTA PANTA).

Batay sa natuklasan at nabuong kongklusyon sa isinagawang pag-aaral, inirerekomenda ang sumusunod: Magkaroon ng mga database ng mga leksikon sa Bikol-Legazpi upang matukoy ang mga pagkakasunod-sunod ng mga letra na makatutulong at makapadadali sa pagtuturo ng Mother Tongue ng mga guro. Magsagawa pa ng mga

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VI, Issue I

August 2024

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



karagdagang pag-aaral batay sa linggwistikong komponent na sintaktikal at pragmatiks na katangian ng leksikong Bikol-Legazpi. Gamitin ang nilikhang Elektronikong awdyo-biswal ng diyalektong Bikol-legazpi na pinamagatang "Dangog Tanog Pantig Tataramon Kan Bikol-Legazpi bilang kagamitang pampagtuturo sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pakikinig, pagsasalita, pagbabasa at panood ng asignaturang Mother Tongue Based - Multilingual Educatio (MTB-MLE) sa unang baitang. Ganyakin ang mga magulang at kaguruan na magtulungan sa paggabay sa mga mag-aaral sa pagbabagong nagaganap sa kurikulum.

Dagdag pa nito, maglikha ang mga guro ng mga sariling lokalisdong kagamitang pampagtuturo gamit ang diyalektong angkop sa kanilang tinuturan. Magkaroon ng dagdag na kurso kaugnay ng Mother-Tongue Based- Multilingual Based Education sa mga kolehiyo at pamantasan na lalo na sa kumukuha ng kursong edukasyon bilang kahandaan sa pagtuturo.

Magkaroon ng pagpapalano para sa angkop na kagamitang pampagtuturo upang malinang ang mga kasanayan na angkop sa bawat aralin upang maging akma at matamo ang mabisang pagtuturo-pagkatuto sa loob ng paaralan at hikayatin ang mga guro sa patuloy na paglinang ng kanilang pampersonal at pampropesyonal na kakayahan at kasanayan may kaugnayan sa pagtuturo sa pangalawang wika (W2) (Filipino) at pangatlong wika (W3) (English).

Dito lalong huhusay ang mga bata sa oral na kasanayan sa bisa ng wikang katutubo na kanilang kinagisnan; nagiging tanghalan ang silid-aralan para sa pagsayaw, pag-awit, paglalaro, pagpapakita ng kanilang likhang sining at pagkukuwento sa sarili nilang wika. Subalit sa kabila ng lahat ng mga pagsasanay na ibinibigay ng pamahalaan sa mga guro upang maging dalubhasa sa kanilang pagtuturo may mga suliranin pa ring kinakaharap upang mas lalong matamo ang mataas na lebel at kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral at ang kakulangan sa mga kagamitan sa pagtuturo.

Ito na marahil ang ikinababahala ng Departamento ng Edukasyon kung kaya't magkaroon ng pagbabago sa ating kurikulum. Isinasaad sa DepEd Order 16, s. 2012 ukol sa Guidelines on the Implementation of the MTB-MLE na naglalayong malinang ang sumusunod: una, pag-unlad ng wika na nagtatatag ng isang malakas na edukasyon para sa tagumpay sa

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VI, Issue I

August 2024

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



paaralan at para sa lifelong learning, pangalawa, kognitibong pag-unlad na nakapokus sa Higher Order Thinking Skills (HOTS); pangatlo, akademikong pag-unlad na naghahanda sa mga mag-aaral na makakuha ng karunungan ng mga kakayahan sa bawat lugar ng pag-aaral at pang-apat, kamalayang sosyo-kultural na nagpapahusay sa pagmamataas ng pamana, lenggwahe at kultura ng mga mag-aaral.

Kaakibat nito, nakasaad sa DepEd Order No. 31, s. 2013 na: 1) Mother Tongue ang midyum ng pagtuturo (MOI) para sa una at ikatlong baitang sa pagtuturo ng asignaturang Matematika, Araling Panlipunan, Music, Arts, PE (MAPE) at Edukasyon sa Pagpapakatao; 2) Mother Tongue ay ituturo bilang isang (1) hiwalay na asignatura. Ayon sa pag-aaral ni Quijano (2010), ang Multilingual Education (MLE) ay nakatuon sa pagkatutong paggamit ng unang wika o mother tongue bilay gabay sa pagkatuto ng iba pang mga wika "first-language-first" na edukasyon, ang pag-aaral na nagsisimula sa katutubong wika at pagtuloy na paggamit sa mga karagdagang wika na Filipino at Ingles. Nagsisilbing tulay upang madaling naipahayag ng mga mag-aaral ang kanilang sariling kaisipan na walang halong takot na magkamali. Sa pamamagitan nito mas madali nilang maunawaan at maproseso ang anomang suliranin na kanilang kinahaharap upang makabuo ng bagong konsepto na makakatulong sa kanilang kaalaman.

Sa Pilipinas ay mayroong walong pangunahing wika na kinabibilangan ng Ilokano, Pangasinense, Kapampangan, Tagalog, Cebuano, Hiligaynon, Waray, Samaron at Bikol (Ocampo, 2012). Ang pag-aaral sa iba't ibang etnolinggwistikang wika na umiiral sa Pilipinas ay malaking ambag upang mapalawak ang kaalaman sa bokabularyo, magkaroon ng kamalayan sa pinagmulan, kultura at tradisyon ng nasabing tribu (Macatabon et al., 2016). Kaugnay nito, sa Rehiyon V ang pangunahing wikang ginagamit ay ang Bikol/Bicol na ginagamit ng 75.66 bahagdan, Masbateno/Masbatenon, 9.63 bahagdan at Tagalog na may 9.10 bahagdan ng gumagamit.

Nasa 26-50 na wikang Katutubo ang kabuong bilang ng wikang ginagamit. Ang wikang Bikol ay isa sa pinakamayamang wika ng ating bansa (Sanchez at Antiquerra (2017); Census of Population and Housing (2010); Philippine Statistics Authority at Komisyon sa Wikang

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VI, Issue I

August 2024

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



Filipino (2016). Isa sa varayti nito ang diyalektong Bikol-Legazpi. Karaniwang sinasalita ito sa Silangang bahagi ng Albay at sa Hilagang bahagi ng Sorsogon. Ipinaliwanag ni Hernandez (2012) na ang salitang Bikol ay may ilang pagpapakahulugan; 1) ito ay ang lahat na salita/sumasalita sa rehiyong Bikol; 2) lahat ng baryasyon o diyalekto ng isang lenggwahe na ang tawag ay Bikol at 3) lahat ng naging anak o apo ito ang mas naunang lenggwahe o pinagmulan ng lahat ng baryasyon ang proto-Bikol.

Sa klasipikasyon naman ni Mintz, binubuo ng istandard Bikol ang sumusunod; Naga, Daet, Partido, Legazpi at Southern Catanduanes. Kahit na marami ang nagkakaunawaan at marami ang pagkakapareho ng mga diyalektong ito, mayaman din ang mga iba-ibang klaseng Bikol hindi lamang sa mga salita kung hindi maging sa ponolohiya, morpolohiya at prosesong morponemiko.

Taong 2012, nabuo ang Ortograpiyang Bikol sa pangunguna ng Komisyon sa Wikang Filipino upang magkaroon ng gabay sa alpabeto, ispelang na gagamitin sa pagsulat sa mga salitang Bikol. Bilang tugon ito sa implementasyon ng MTB- MLE na magagamit sa pagtuturo. Nangangahulugan na mayroon nang Ortograpiyang Bikol na nagagamit ang mga guro subalit nahihirapan pa rin ang mga guro sa paglikha ng mga kagamitang pampagtuturo. Batay sa obserbasyon, sa klase ng asignaturang Mother Tongue Based – Multilingual Education (MTB-MLE), hindi nauunawaan ng mga mag-aaral ang wikang ginamit sa mga babasahin o kuwentong inilalahad ng guro. Sa pakikipanayam sa ilang guro, malaki ang kanilang pangangailangan sa mga kagamitang pampagtuturo na ginagamit sa kanilang paaralan. Dagdag pa nito, ayon sa pakikipanayam sa Koordineytor ng MTB-MLE at LRMSD ng Dibisyon ng Legazpi at ilang piling guro, binanggit na wala pang gaanong kagamitang pampagtuturo sa MTB-MLE lalong-lalo na sa asignaturang MTB-MLE. Mayroong mga bigbook, tula at ilang kinathang awitin subalit hindi ito sapat lalo na kung ang guro ang maglalaan ng pondo para makagawa ng kagamitan.

Pinagtuunan din na walang mga diksyonaryong Bikol-Legazpi na nagagamit sa pagtuturo. Batay sa ibinahaging karanasan ng mga guro, nahihirapan din sila sa paghahanda ng mga kagamitang pampagtuturo, kahinaan sa bokabularyo at walang istandardisadong

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VI, Issue I

August 2024

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



tuntunin na ginagamit. Binabanggit na sa kawalan ng pondo, pinag-iisa na lamang ang pagbuo ng mga palihan at iba pang gawain lalo na sa kinder hanggang baitang 3. Maging sa pagbuo ng kagamitan na aangkop sa iba't ibang asignatura ay naapektuhan rin dahil dito. Pinatutunayan ito sa kinalabasan ng pag-aaral ni Velario (2015), na ang ilan sa mga hamon na kinahaharap sa mga pagsasanay ng MTB-MLE ng mga guro ay ang sumusunod: a. pagbuo ng mga kagamitang pampagtuturo na batay sa komunidad; b. pagtuturo gamit ang angkop na kagamitan sa Mother Tongue; c. Pagsasagawa ng mga pangunang pananaliksik, at d. higit sa lahat paglaan ng linggwistikong kasanayan upang makatulong sa pagbuo ng ortograpiya. Mas lalo pang nadagdagan ang suliranin ng mga guro nang ipatupad ng departamento ang Deped Order 26, s. 1997 na naglalayon na ilagay o maging bahagi na ng mga paaralan ang mga batang mayroong espesyal na kakayahan (SPED) na makisalamuha sa mga batang nasa regular. Lahat ng mga ginagawa ng mga mag-aaral na nasa regular ay kinakailangan na gawin din ng mga bata na galing sa SPED.

Nakatuon ang pag-aaral sa Lungsod ng Legazpi at bilang sentro ng kalakalan dito matatagpuan ang iba't ibang tanggapan kung kaya hindi lamang tubong Legazpeño ang mga naninirahan dito, ang iba dito na rin nagpapaaral ng kanilang mga anak upang malapit sa kanilang mga trabaho. Kaya, ang kanilang mga lengguwahe ay impluwensiya ng iba'ibang diyalekto, ang lengguwahe ng Bikol-Legazpi. Maaaring isa ito sa dahilan ng kahirapan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa Bikol-Legazpi sapagkat iba ang paggamit nila sa kanilang bahay at sa paaralan.

Kung gayon, ninananis ng mananaliksik na masuri ang aspektong pono- morpolohikal ng mga leksikong Bikol-Legazpi na magagamit sa pagtuturo ng asignaturang Mother Tongue Based-Multilingual Education (MTB-MLE) sa unang baitang tungo sa pagbuo ng kagamitang pampagtuturo upang mapadali ang kanilang pagkatuto sa pagpabasa sa unang wika (Mother Tongue).

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



Paglalahad ng Suliranin

Pangunahing layunin sa pag-aaral na ito ang masuri ang aspektong pono- morpolohikal ng mga leksikong Bikol-Legazpi na ginagamit sa pagtuturo ng asignaturang Mother Tongue Based-Multilingual Education sa unang baitang upang makabuo ng mungkahing elektronikong kagamitang pampagtuturo na magpapaunlad ng kasanayan ng mga mag-aaral. Sinagot sa pag-aaral na ito ang sumusunod na katanungan:

1. Ano-anong mga leksikong Bikol-Legazpi ang ginagamit sa pagtuturo ng asignaturang Mother Tongue - Based Multilingual Education (MTB-MLE) sa unang baitang?
2. Ano ang pono-morpolohikal na analisis ng mga leksikong Bikol-Legazpi batay sa:
 - a. Tunog
 - b. Diin
 - c. Pantig
 - d. Salita?
3. Ano ang nabuong mungkahing kagamitang pampagtuturo gamit ang teknolohiya tungo sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pakikinig, pagsasalita, pagbasa at panonood ng mga mag-aaral sa MTB-MLE sa unang baiting.
4. Ano ang kaangkupan ng mungkahing kagamitan batay sa pagsusuri gamit ang ebalwasyon ng Learning Resources Management and Development System (LRMDS) ayon sa salik ng:
 - a. Kalidad ng Nilalaman
 - b. Kalidad ng Kagamitan
 - c. Teknikal na Kalidad?

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



Parang ng Pagsasagawa

Upang magkaroon ng sapat na kaalaman sa gagawing pagsusuri sa napiling pag-aaral, ginawa ng kasalukuyang mananaliksik ang sumusunod:

Pagbasa. Ang mananaliksik ay nagbasa ng iba't ibang pag-aaral, sa aklat, tesis at disertasyong may kaugnayan sa pag-aaral upang malikom ang mga kinakailangang datos upang alamin ang suliraning kinahaharap ng mga guro sa pagbasa at pagtuturo ng asignaturang MTB-MLE. Gayundin ang angkop na kagamitang pampagtuturo upang magkaroon ng interes ang mga bata sa pagbasa.

Pananaliksik. Nagsagawa rin ang may akda ng malawakang pananaliksik sa iba't ibang literatura sa pag-aaral sa mga aklatan at internet upang matukoy ang mga makabagong kaalaman na may kaugnayan sa pagpapaunlad ng pagbasa na may pag-unawa at Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE).

Paghahanda ng Instrumento. Naghanda ng talatanungan ang mananaliksik na ginamit sa paglikom at pagsasalin ng mga leksikon sa mother tongue sa diyalektong Bikol-Legazpi mula sa Bikol-Naga na ginagamit sa pagtuturo ng asignaturang MTB-MLE. Ibinatay ang mga aklat, gabay ng kurikulum sa pagtuturo ng MTB-MLE, pakikipanayam sa mga guro at matatanda bilang mga impormante sa pagsasaling ng mga leksikon sa pagtataya sa Learning Resources Management and Development System (LRMDS) na ginagamit ng Departamento ng Edukasyon. Ito ay binubuo ng ilang pamantayan at nahahati sa ilang kategorya na nakatuon sa: Kalidad ng Nilalaman, Kalidad ng Kagamitan at Teknikal na Kalidad. Matapos mabuo ang talatanungan, ipinawasto ito sa tagapayo maging sa mga gurong nagtuturo sa unang baitang lalo na sa mga nagtuturo sa asignaturang MTB-MLE, isinakatuparan ang rebisyon dito ayon sa mungkahi ng tagapayo at mga juror bago isinagawa ang pinal na sipi. Naghanda rin ng tseklis na ginamit sa pagtataya ng nabuong mungkahing kagamitang

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VI, Issue I

August 2024

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



pampagtuturo. Isinalin ang talatanungan na hango sa Learning Resources Management and Development System (LRMDS) at pagkatapos ay ipina-juror ito.

PagHINGI ng Pahintulot. Gumawa ng liham ang mananaliksik sa punong baranggay, punungguro, kaguruan at sa Division ng Legazpi upang humingi ng pahintulot na maisagawa ang nasabing pag-aaral partikular sa Lungsod ng Legazpi. Matapos pagtibayin, isinunod ang paglikom ng mga leksikon na kakailanganin sa pag-aaral sa tulong ng mga guro sa unang baitang. Ang mga sumusunod na lugar at petsa ay nagsasaad na isinagawa ang pakikipanayam ng mananaliksik sa mga tubong-Legazpeño na may edad na 45- pataas. Kabilang sa mga lugar ang San Roque Legazpi City na ginanap noong Disyembre 21, 2018, Rizal Street at Cabagnan Legazpi City, Disyembre 22, 2018; Sagpon Legazpi City, Disyembre 23, 2018; at Bogtong Legazpi City, Disyembre 24, 2018.

Paglikom ng Datos, Pakikipanayam, Pagtranskrayb at Pagsasalin ng mga Leksikon ng Bikol Legazpi. Pagkatapos ng pagtibayin ang liham, itinakda ang araw ng pamumudmod ng mga talatanungan sa mga guro sa unang baitang upang malikom ang mga datos sa pag-aaral. Kabilang din ang pagsasagawa ng pakikipanayam sa mga matatanda na tubong-Legazpeño bilang impormante upang mabigyan ng wastong bigkas at salin ang mga leksikong nalikom.

Nagsagawa ng aktuwal na pagtatala ng pagbigkas ng mga leksikon. Gumamit din ng tape at audio recorder at iba pang kagamitan na makatutulong na mapadali ang gawain ng mananaliksik. Ginamit ang convenience at random sampling sa pangangalap ng datos.

Pagbibigay-halaga sa mga Datos. Pagkatapos malikom ang kinakailangang datos ng mananaliksik, ang mga ipinamudmod na talatanungan ay sinuri upang malaman ang wastong bigkas at baybay ng mga leksikon sa diyalektong Bikol-Legazpi. Pagkatapos ay naghanda ng talahanayan upang gamitin sa pagbibigay-halaga sa datos. Ito

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



ang pinagbatayan ng nabuong mungkahing kagamitan sa pagtuturo sa unang baitang sa Mother Tongue.

Paghahanda ng Kagamitang Pampagtuturo. Mula sa kinalabasan ng nalikom na datos, sinuri ang mga leksikon upang makabuo ng mungkahing kagamitang pampagtuturo na makatutulong sa pagpapataas ng kasanayan sa pagbasa ng mga leksikon sa mother tongue. Isinaalang-alang ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral sa unang baitang sa nabuong kagamitan sa pagtuturo. Gayundin ang mga kasanayan na kinakailangang malinang na nakasaad sa gabay pangkurikulum sa pagtuturo ng Mother Tongue Based- Multilingual Education (MTB-MLE). Kinailangan dito ang pakikipanayam sa mga impormante bilang pangunahing datos ang mga nalikom na leksikon sa Bikol- Legazpi.

Pagtataya sa Kaangkupan ng Kagamitang Pampagtuturo. Dumaan sa pagsusuri ang nabuong kagamitan upang mataya ang kaangkupan nito sa target na mag-aaral na gagamit nito. Binubuo ng limang (5) juror na may katangian na: nagtuturo sa Filipino, isa (1) sa mga ito ay dating koordineytor ng MTB-MLE, mga guro sa unang baitang, nagtuturo sa asignaturang Mother Tongue Based- Multilingual Education (MTB-MLE) at maalam sa wikang Bikol-Legazpi, Filipino at Ingles at ang iba ay nakatira mismo sa lungsod ng Legazpi. Isinagawa ang focused group discussion sa oras na bakante ang mga guro upang mapagtuonan ng pansin ang gawain at pagsusuri. Nagpaalam sa prinsipal ng mga kabilang na guro ang mananaliksik kaugnay ng gawaing ito. Nagbigay ng iba't ibang mungkahi ang mga juror ukol sa mga faktor kaugnay ng kalidad ng nilalaman, kalidad ng kagamitan at teknikal na kalidad.

Istatistikang Ginamit

Iba't ibang mapanuring istatistika ang ginamit upang bigyan nang malinaw na kasagutan at paliwanag sa ilalahad na bilang at datos ng pag-aaral na ito. Ang istatistikang ginamit ay ang mga sumusunod:

Pagbilang. Nangangahulugan ito ng bilang ng mga sumagot sa bawat antas

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



ng talatanungan. (<http://www.dictionary.com/browse/frequency>)

Bahagdan. Ito ang ginamit upang mabatid kung ilan ang mga mag-aaral. (<http://www.dictionary.com/browse/percentage>)

Weighted Mean. Ayon kay Pagozo et al. (1992), ginagamit ito upang malaman kung ang ibang panukat ay bibigyan ng higit na kahalagahan at natatamo sa pamamagitan ng pagtatakda ng halaga o bigat. Ang pormula ay:

$$\text{Wtd. } X = \frac{\sum Wx}{\sum F}$$

Kung saan ang:

Wtd. X = weighted mean.

W = weight o antas ng kaangkupan

F = bilang ng mga sumagot sa bawat aytem n
= bilang ng respondent

Likert Scale. Para sa pagtataya ng kaangkupan ng nabuong kagamitang pampagtuturo, ginamit ang likert scale, upang masukat ang kaangkupan ng siyentipiko, katanggap-tanggap at wastong pamamaraan. Ito ay nag-ugat sa layunin ng mananaliksik. Kadalasan, ang layunin ng pananaliksik ay upang maunawaan ang isang (1) opinyon/kalagayan ng isang (1) tao (Joshi, et al., 2015).

Iskalang Ginamit. Upang mataya ang kaangkupan ng nabuong kagamitang pampagtuturo. Ang krayteryang ginamit sa pag-alam ng lawak ng kaalaman sa pagbuo ng kagamitang pampagtuturo ay ang mga sumusunod :

Iskala	Ranges	Palarawan Antas
4	3.50 - 4.00	Angkop na Angkop (AA)
3	2.50 – 3.49	Angkop (A)

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



2	1.50 - 2.49	Hindi Gaanong Angkop (HGA)
1	1.0 - 1.49	Di-Angkop (DA)

